

1) PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG ABRIL SA LOOB NG SIYUDAD

4月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Abril ay nagkaroon ng kabuuang 17 kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Tamura, na may 5 na kaso, Yaezakicho at Beniyacho na may tag-3 kaso, at tag-2 kaso naman sa Amanuma, Mitsukecho at Kita Kaname. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng **CABLE LOCK** na mabibili sa mga **HOME CENTER**.

Nagkaroon rin ng kabuuang 5 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo. Ipinapayong kapag ipinarada ang Motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagin rin ng kandadong panlaban sa mga magnanakaw.

2) IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN · MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa June 9 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na “**SUNSUN · MARCHE**” sa **SHONAN KAIGAN PARK** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211)**.

3) UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG HULYO

7月から始まるスポーツ教室のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba't-ibang **SPORTS LESSON** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay **YOGA, STRETCH EXERCISES, RELAXATION EXERCISES** at iba pa.

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng **TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)** ng Hiratsuka City. Para sa iba pang mga katanungan ay maaaring tumawag sa **TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)**, Telephone No. **0463-35-0102 (0463-35-0102)**. Ang huling araw ng pag-aapply ay sa June 14 (Friday). Maaari ring mag-apply sa home page ng nasabing

4) PAGPAPAALAM UKOL SA LEKTURA PARA SA KALUSUGAN NG MAMAMAYAN

市民健康講座のお知らせ

Sa June 8 (Saturday), ay magkakaroon ng Hiratsuka City ay magkakaroon ng **LEKTURA PARA SA KALUSUGAN** sa Hirashin Cultural Arts Hall mula 1:30 hanggang 3:30 ng hapon.

Ang paksa ng lektura ay **“UKOL SA SAKIT SA BALIKAT AT TUHOD”**. Dito ay magpapaliwanang ang mga espesyalistang doktor ng Shimin Byouin. Ang pagdalo dito ay libre at tatanggap ng hanggang 150 katao. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa **WELFARE AFFAIRS SECTION (FUKUSHI SOUMU KA)**. Telephone No. **0463-21-9862 (0463-21-9862)**.